Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-13 NG PEBRERO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:57 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | . . . . . . . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Bernardo E. Ison | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 049-T'2002*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 01-T2002 NG MUNICIPAL DEVELOPMENT COUNCIL (MDC) NA NAGPAPATIBAY SA PAGBABAGONG-MULI NG MGA PROGRAMA AT PROYEKTONG PANLIPUNAN AT PANGKABUHAYAN NA NAKAPALOOB SA 20 BAHAGDANG (20%) PONDONG PANGKAUNLARAN SA TAONG 2002 NA MAY KABUUANG HALAGANG SIYAMNAMILYON DALAWANGDAANG LIBONG PISO (P9,200,000.00.*

*SAPAGKAT*, nagkaroon ng muling pagbabago sa mga programa at proyektong panlipunan at pangkabuhayan na nakapaloob sa 20 bahagdan ng pondong pangkaunlaran upang matugunan ang mga pangunaning pangangailangan ng pamayanan para sa taong ito, ayon sa isinasaad sa nabanggit na kapasiyahan ng MDC;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Florencio C. Odejar at Purita P. Sarmiento at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 01-T'2002 ng Municipal Development Council (MDC) na nagpapatibay sa pagbabagong-muli ng mga programa at proyektong panglipunan at pangkabuhayan para sa taong 2002 na nakapaloob sa 20 bahagdang (20%) pondong pangkaunlaran sa taong ito na may kabuuang halagang P9,200,000.00.

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan at Municipal Development Council, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan